U.S. ELECTION ASSISTANCE COMMISSION

# ISANG GABAY PARA SA BOTANTE

## Sa mga Halalang Pederal




AUTHENTICATED
U.S. GOVERNMENT
INFORMATION
GPO



# ISANG GABAY PARA SA BOTANTE
## sa mga halalang Pederal

Ginawa ng U.S. Election Assistance Commission (EAC) ang gabay na ito upang tulungan ang mga botante sa matagumpay na pagsunod sa proseso ng halalang Pederal, mula sa pagrerehistro upang makaboto hanggang sa paghulog ng balota sa Araw ng Halalan. Bilang karagdagan sa mga pundamental ng paghulog ng balota, kasama sa gabay na ito ang mga impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado at maagang pagboto, pati na rin ang pagrerehistro at proseso ng pagboto ng mga militar at sibilyan na nakatira sa ibang bansa, at ang mga serbisyo ng botohan na ginagawang mas madali ang pagboto.

## KWALIPIKADO BA AKONG BUMOTO?

Kinakailangan na ikaw ay hindi mas babata sa 18 taong gulang at isang mamamayan ng Estados Unidos upang maging kwalipikado na bumoto. Maaari ring magkaroon ng sariling mga kinakailangan ang iba't ibang mga estado, na nakabalangkas sa "State Instructions" (Mga Tagubilin ng Estado) na bahagi ng National Mail Voter Registration Form (handang makuha online sa www.eac.gov). Ang mga pang-estado at panlokal na tanggapan para sa halalan ay makakapagbigay din ng impormasyon ukol sa pagiging kwalipikado ng botante.




## PAANO AKO MAGPAPAREHISTRO UPANG MAKABOTO?

Maaari kang magparehistro upang makaboto sa pamamagitan ng pagkukumpleto at pagsusumite ng National Mail Voter Registration Form.* Ang form ay maaari

*North Dakota, Wyoming at mga teritoryo ng Estados Unidos (Puerto Rico, U.S. Virgin Islands, American Samoa at Guam) huwag tanggapin ang form na ito. Tinatanggap lamang ito ng New Hampshire bilang isang kahiligan para sa dokumento para sa rehistrasyon ng hindi makakarating na botante sa estado na maghuhulog ng balota sa koreo.

din gamitin upang iulat ang pagbabago ng pangalan o adres sa tanggapan para sa rehistrasyon ng botante o upang magparehistro sa isang partidong pulitikal. Ang National Mail Voter Registration

Form ay maaaring mai-download sa Web site ng EAC sa www.eav.gov o sa mga Web site ng pang-estado at panlokal na na mga tanggapan. Maaari din na ikaw mismo ang kumuha ng form mula sa mga sumusunod na pampublikong pasilidad:

- mga pang-estado at panlokal na mga tanggapan
- mga kagawaran ng sasakyang de-motor
- mga ahensya para sa tulong pampubliko
- mga programang pinopondohan ng estado na nagsisilbi sa mga taong may mga kapansanan
- anumang pampublikong pasilidad ng estado na nahirang bilang isang ahensya ng rehistrasyon ng botante (tulad ng isang pampublikong aklatan, pampublikong paaralan, at tanggapan ng kawani ng lungsod o county).

Maaari ka din magparehistro upang makaboto sa pamamagitan ng paggamit ng voter registration form ng iyong estado.

## Paano naman ang mga miyembro ng militar at mga mamamayan sa ibang bansa?

Upang magparehistro para makaboto, ang mga miyembro ng militar at mga mamamayan sa ibang bansa ay maaaring gumamit ng Federal Post Card Application (FPCA), na maaring makuha mula sa Federal Voting Assistance Program (FVAP) na Web site sa www.fvap.gov. Lahat ng mga estado at mga teritoryo ay tumatanggap ng FPCA bilang isang aplikasyon para sa parehong pagrehistro at ang balota ng hindi nakarating na botante. Mga Nakalimbag na kopya ng form ay handa rin makuha sa mga embassy ng Estados Unidos, mga baseng militar at mga tanggapan ng konsul. Ang Voting Assistance Officers sa mga lugar na iyon ay makapagbibigay ng anumang impormasyon o tulong na kinakailangan upang makumpleto ang form. Maaari ka rin makipag-ugnayan sa FVAP sa pamamagitan ng telepono sa (800) 438–8683 o magpadala ng e-mail sa vote@fvap.ncr.gov kung mayroon kang mga tanong o kung nais ng karagdagang impormasyon ukol sa kung paano magparehistro para makaboto.

### Paano kung ako ay nagpaparehistro para makaboto sa unang pagkakataon at ako ay nagparehistro sa pamamagitan ng koreo?

Kung ikaw ay boboto sa unang pagkakataon sa iyong estado at nagsusumite ng voter registration form sa pamamagitan ng koreo, maaaring kailanganin mula sa iyo ng batas Pederal na magpakita ng pagkakakilanlan ng pagkakakilanlan sa unang pagkakataon na ikaw ay bumoto. Kailangan sa katibayan na ito ng pagkakakilanlan ang mga sumusunod (o kung boboto sa pamamagitan ng  koreo, ang isang KOPYA ng mga sumusunod):

- Isang pinakahuli o balido na litrato ng pagkakakilanlan; O
- Isang pinakahuling singil ng palingkurang bayan (kuryente, tubig, gas, pampasaherong sasakyan, tren at iba pa), bank statement, tseke ng gobyerno, paycheck o dokumento mula sa gobyerno na nagpapakita ng iyong pangalan at adres.

Hindi hihilingin mula sa inyo ng batas Pederal na magpakita ng katibayan ng pagkakakilanlan sa botohan o kapag bumuboto sa pamamagitan ng koreo kung 1) ikaw ay nagkaloob ng mga KOPYA ng mga nakalahad sa itaas na kasama ng iyong voter registration form, 2) ang iyong voter registration form ay napatotohanan ng isang opisyal sa halalan, o 3) ikaw ay may karapatan ayon sa batas Pederal na bumoto sa pamamagitan ng balota ng hindi nakarating na botante. Mangyaring tandaan na ang bawat estado ay mayroong karagdagang hinihingi para sa pagkikilala ng botante.

### Alam ba Ninyo...?

*Maaaring hilingin ng inyong estado mula sa mga botante na magpakita ng pagkakakilanlan sa botohan kahit na natutugunan nila ang Pampederal na kahilingan para sa katibayan ng pagkakakilanlan. Makipag-ugnay sa iyong lokal na opisyal sa halalan para sa karagdagang impormasyon.*

## KAILAN AKO PUWEDENG MAGPAREHISTRO UPANG MAKABOTO?

Kailangan mong magparehistro bago sumapit ang huling itinakdang araw ng rehistrasyon ng iyong estado upang matiyak ang pagiging kwalipikado sa pagboto. Ang bawat estado ay may sariling huling takdang araw ng rehistrasyon. Mahahanap mo ang impormasyon na ito sa "State Instructions" (Mga Tagubilin ng Estado) na bahagi ng

National Mail Voter Registration Form sa www.eac.gov, o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa iyong pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan.

**MAHALAGA: Tawagan ang iyong pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan limang (5) linggo bago sumapit ang halalan upang malaman kung ikaw ay nakarehistro upang makaboto at kung ano ang dapat mong gawin kung hindi. Huwag itong ipagpaliban sa huling minuto; kung hindi ay, maaaring hindi ka makaboto sa halalan na iyon.**

## BOTO NG HINDI NAKARATING NA BOTANTE

Ang mga botante na hindi makakapunta sa lugar ng botohan sa Araw ng Halalan ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng balota ng hindi nakarating na botante. Ang bawat estado ay nagtatatag ng sarili nitong mga patakaran at pamamaraan para sa boto ng hindi makakakarating na botante. Halimbawa, hinihingi ng ilang mga estado na magkaloob ng dahilan ang mga botante kung bakit hindi sila makakaboto sa Araw ng Halalan, habang ang iba naman ay naghahandog ng "walang pagpapaumanhin" na pagboto na nagpapahintulot sa sinumang kwalipikadong mamamayan na makaboto ng hindi sumisipot. Ang mga estado ay mayroon ding iba't ibang itinakdang taning na araw para sa paghiling at pagsumite ng mga balota ng hindi nakarating. Kung kailangan mong bumoto ngunit hindi makakarating, makipag-ugnay sa pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan sa lalong madaling panahon upang tiyakin na hindi mo makakaligtaan ang huling itinakdang araw para humiling at magsauli ng isang balota ng hindi nakarating na botante.

**MAHALAGA: Pagkatapos mong hilingin at matanggap ang iyong balota ng hindi makakarating na botante, maingat na basahin ang mga tagubilin nito upang maiwasan ang mga pagkakamali na maaaring magresulta sa hindi pagkabilang ng inyong balota. Kung isasauli mo ang iyong balota ng hindi nakarating na botante sa pamamagitan ng koreo, tiyakin na nailagay ang wastong halaga ng bayad sa selyo sa pagsasaulian na sobre upang maiwasan ang anumang pagkakaantala sa pagbibigay ng iyong balota.**

## MGA BOTANTE NA MILITAR AT NASA IBANG BANSA–PAANO AKO BOBOTO?

Ang mga miyembro ng militar at mga mamamayan na nakatira sa ibang bansa ay maaaring bumoto sa halalang Pederal sa pamamagitan ng pagsulat sa Federal Post Card Application (FPCA). Ang nag-iisang form na ito ay nagpapahintulot sa mga botante na nasa ibang bansa at mga militar na magkasabay na magrehistro at humiling ng isang balota.

May isang online na bersyon ng FPCA na nakahandang makuha mula sa Federal Voting Assistance Program (FVAP) na Web site (www.fvap.gov). Ang online na form ay dapat ihulog sa koreo sa isang sobre na may wastong selyo, o gamit ang bayad nang pagsasaulian na sobre ng FVAP. Lahat ng mga estado at teritoryo ay tumatanggap ng FPCA. Bilang alternatibo, ang mga botante sa ibang bansa ay maaari ding magpadala ng may lagdang sulat ng kahilingan para sa isang balota ng hindi nakarating na botante sa kanilang lokal na tanggapan para sa halalan.

Pinahihintulutan ng mga estado at teritoryo ang mga botante na magrehistro at humiling ng balota ng hindi nakarating na botante sa pamamagitan ng pag-sumite ng isang FPCA sa taon ng halalan. Kung ikaw ay nakarehistro na, kailangan mo pa ring magsumite ng isang FPCA upang humiling ng isang balota, na tamang-tama sa umpisa ng taon ng halalan.

Maaari ka din makipag-ugnay sa FVAP sa pamamagitan ng telepono sa (800) 438–8683 o magpadala ng e-mail sa vote@fvap.ncr.gov kung ikaw ay mayroong mga katanungan o nais ng karagdagang impormasyon tungkol sa paraan ng pagrehistro at pagboto ng taong hindi makakarating.

## ANO ANG MAAGANG PAGBOTO?

Pinahihintulutan sa ibang mga estado na maghulog ng balota bago sumapit ang Araw ng Halalan. Ang mga maagang botante ay maaaring maghulog ng kanilang boto sa pamamagitan ng koreo o pumunta mismo sa mga tanggapan ng lokal na opsiyal ng halalan o sa ibang lokasyon na itinalaga ng lokal na opisyal ng halalan. Ang mga petsa at oras para sa maagang pagboto ay maaaring mag-iba sa mga estado. Para sa impormasyon kung paano naghahandog ang iyong estado ng maagang pagboto, at kung kailan ito inihahandog, makipag-ugnay sa pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan.




## SAAN AKO BOBOTO-SAAN ANG AKING BOTOHAN?

Ang mga botante ay itinatalaga sa isang botohan batay sa adres na kanilang ipinagkaloob nang sila ay nagparehistro upang makaboto. Upang malaman ang lokasyon ng inyong botohan, makipag-ugnay sa pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan.

**MAHALAGA: I-update ang inyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante tuwing ikaw ay lilipat.**

## ANO ANG ISANG PANSAMANTALANG BALOTA?

Ang mga botante na pinag-aalinlangan ang pagiging kwalipikadong bumoto - dahil sa hindi matagpuan ang kanilang pangalan sa opisyal na listahan ng mga botante sa kanilang botohan, o may isang pagdududa na ipinahayag tungkol sa pagiging kwalipikado ng botante – ay binibigyan ng pansamantalang balota. Sa parehong mga kaso, ang mga botante ay may karapatan na maghulog ng pansamantalang balota, sa kundisyon na ipinahayag nila na sila ay kwalipikado at nakarehistro upang makaboto sa hurisdiksyon na iyon.

Ang pansamantalang balota ay binibilang kung natiyak ng naaangkop na pang-estado o panlokal na opisyal para sa halalan ng estado na ang botante ay tunay nang kwalipikadong bumoto sa ilalim ng batas ng estado.

**Alam ba Ninyo...?**

*Na hinihiling ng batas Pederal na magkaloob ng isang "sistema ng libreng access" na nagpapahintulot sa mga botante na tingnan ang katayuan ng kanilang mga pansamantalang balota. Makipag-ugnay sa tanggapan para sa pang-estado o panlokal na halalan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa sistema ng iyong estado.*

## PAANO AKO MAAARING MAGING ISANG TRABAHADOR SA HALALAN?

Ang mga trabahador sa halalan ay mahalaga sa pagtitiyak ng maayos, patas at wastong mga halalan. Inihahanda nila ang presinto sa pamamagitan ng pag-aayos ng kagamitan sa pagboto, pagbati sa mga botante, pagpapatotoo sa mga rehistrasyon at pagkakaloob sa mga botante ng naaangkop na balota.

Sa katapusan ng araw, ay sinasara ng mga trabahador sa halalan ang presinto at inihahanda ang mga dokumentong pang-halalan para maipadala o personal na inihahatid ang mga dokumento sa tanggapan para sa halalan.

Karaniwan ay kailangan na nakarehistro ang mga trabahador ng halalan upang makaboto sa presinto o county na nais nilang pagsilbihan. Gayunman, ang ilang mga estado ay kamakailan lamang nagbago ng kanilang mga tuntunin upang pahintulutan ang mga estudyante ng kolehiyo na magtrabaho sa mga botohan na malapit sa kanilang paaralan kahit na hindi sila nakarehistro upang makaboto sa hurisdiksyon na iyon.

Para malaman kung paano maaaring maging isang trabahador ng halalan,makipag-ugnay sa pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan l.

## MADALING PAGGAMIT PARA SA MGA BOTANTENG MAY KAPANSANAN

Ang mga botohan ay may mga kagamitan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga botante na may kapansanan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng malinaw na namarkahang mga paradahan, madaling gamitin na pasukan at mga rampa, at mga maayos na namarkahang mga ruta na nagtuturo ng daan patungo sa mga botohan.

Ang mga botohan ay mayroon ding mga kagamitan para sa pagboto na magsisiguro na ang bawat botante ay nabibigyan ng parehong oportunidad para makapunta, makalahok, maging pribado at maging independente.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kadalian ng paggamit ng inyong botohan, o kinakailangan ng impormasyon tungkol sa kagamitan sa pagboto para sa mga taong may kapansanan, makipag-ugnay sa pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan.

## TULONG SA WIKA

Ang mga pang-estado o panlokal na opisyal sa halalan ay maaaring magkaloob ng tulong sa mga may limitadong kakayahan na magbasa, magsulat,sumulat, o umintindi ng Ingles. Ang mga pagsisikap na ito ay maaaring boluntaryo o hinihingi ng batas Pederal. Maaaring kasama sa tulong sa wika ang paglalagay sa mga botohan ng mga dokumento para sa pagboto (tulad ng mga balota at mga direksiyon sa pagboto)sa ibang mga wika, paglalagay ng bilingguwal na mga tauhan sa mga botohan, at pagkakaloob ng impormasyon sa pagboto online sa ibang mga wika bukod sa Ingles. Makipag-ugnay sa pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan upang lubos pang matutunan ang tulong sa wika sa inyong lugar.

### Alam ba Ninyo...?

*Ang U.S. Election Assistance Commission ay nagkakaloob ng impormasyon para sa mga botante sa Web site nito sa wikang Intsek, Hapon, Koreyano, Ispanyol, Tagalog at Vietnamese. Nagpalabas din ang Commision ng malawakang talahulugan ukol sa mga katawagan sa pagboto sa anim na wikang ito upang tulungan ang mga botante at mga opisyal sa halalan.*

## MAAARI BA AKONG HUMINGI NG TULONG SA PAGBOTO?

Sa ilalim ng batas Pederal, ang mga botante na nangangailangan ng tulong sa pagboto sa kadahilanan ng pagkabulag, kapansanan o kakulangan ng kakayahan na bumasa o sumulat ay maaaring magdala ng kasama, tulad ng isang kaibigan o kamag-anak, upang tulungan sila sa pagboto.*

*Pinagbabawalan ng batas Pederal ang mga botante sa pagtanggap ng tulong sa pagboto mula sa nagpapatrabaho sa botante o ahente ng nagpapatrabaho o opisyal o ahente ng unyon ng mga botante.




Maaari rin magkaloob ng tulong ang isang trabahador ng halalan sa pagboto. Maaaring kabilang sa mga batas ng Estado hinggil sa halalan ang mga karagdagang kondisyon na namamahala sa nasabing pagtulong, kaya't tiyakin na makipag-ugnay sa pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan para sa karagdagang impormasyon.

### Alam ba Ninyo…?

*Ang ilang mga estado ay naghahandog ng "pagboto sa gilid ng kalsada" para sa mga botante na hindi madaling makakalayo sa kanilang mga sasakyan. Sa pamamagitan ng pagboto sa gilid ng kalsada, dinadala ng trabahador ng halalan ang lahat ng mga kinakailangan na materyal, kasama na ang balota, sa sasakyan ng botante. Tingnan sa pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan upang malaman kung ang pagboboto sa gilid ng kalsada ay magagamit sa iyong hurisdiksiyon.*

## TULONG SA KAGAMITAN SA PAGBOTO

Ang mga unang-beses na botante, mga botanteng may kapansanan, at mga botante sa botohan na kung saan ang mga bagong kagamitan ay ipinakilala ay maaring mangailangan ng tulong sa kagamitan sa pagboto.

Kung kailangan mo ng tulong sa paggamit ng mga makinang pamboto, humingi ng tulong mula sa trabahador ng halalan. Ang mga trabahador sa halalan ay nandoon upang magbigay sa mga botante ng mga direksiyon at demonstarsyon sa paggamit ng kagamitan sa pagboto.

## PAANO KO I-UULAT ANG ISANG PROBLEMA O MAGHARAP NG REKLAMO?

Kung ikaw ay makaranas ng isang problema sa botohan o sa mga pamamaraan ng pagboto sa iyong hurisdiksyon, maaari mong i-ulat ang problema o magharap ng reklamo. Para sa impormasyon tungkol sa pamamaraan ng paghaharap ng reklamo sa iyong estado, makipag-ugnayan sa pang-estado o panlokal na tanggapan para sa halalan.

## Tungkol sa U.S. Election Assistance Commission (EAC)

Ang publikasyon na ito ay inihanda ng EAC, isang independiyenteng ahensyang Pederal na itinatag ng Help America Vote Act ng 2002 (HAVA). Ang EAC ay may pananagutan na gumawa ng gabay upang matugunan ang mga kahilingin ng HAVA, paggamit ng mga gabay sa boluntaryong sistema ng pagboto, at nagsisilbi nilang isang pambansang clearinghouse ng impormasyon hinggil sa pangangasiwa ng halalan. Inaaprubahan din ng EAC ang mga laboratoryo para sa mga pagsusuri at pinatotohanan ang mga sistema ng pagboto, pag-awdit sa paggamit ng mga pondo ng HAVA, at pinananatili na makabago ang National Mail Voter Registration Form alinsunod sa National Voter Registration Act ng 1993.




## CHECKLIST NG BOTANTE - MGA BAGAY NA DAPAT GAWIN BAGO DUMATING ANG ARAW NG HALALAN

- ❑ Tiyakin na ikaw ay nakarehistro upang makaboto. I-update ang iyong rehistrasyon upang tiyakin kung ang impormasyon tulad ng adres, pangalan o kinaaanibang pampolitiko ay nagbago.
- ❑ Alamin kung paano at kailan dapat mag-aplay para sa balota ng hindi makakarating na botante kung hindi ka makakapunta sa inyong botohan sa Araw ng Halalan.
- ❑ Alamin ang inyong mga opsyon para sa maagang pagboto.
- ❑ Alamin ang mga hinihingi sa pagkakakilanlan ng botante sa iyong estado bago magtangkang bumoto.
- ❑ Sanayin ang inyong sarili sa lahat ng mga ginagamit na kagamitan sa pagboto sa iyong hurisdiksyon. Alamin kung paano magagamit ang aparato para sa mga botanteng may kapansanan.
- ❑ Alamin kung saan ka nakatalagang botohan at kung paano makarating doon.
- ❑ Alamin kung anong tulong ang nahandang magamit sa ibang mga wika bukod sa Ingles.
- ❑ Alamin kung anong oras nagbubukas at nagsasara ang botohan.
- ❑ Alamin ang mga kandidato at mga isyu na nasa balota.
- ❑ Pag-isipan na maging isang trabahador ng halalan sa iyong komunidad. Tawagan ang inyong lokal na tanggapan para

sa halalan upang malaman ang mga kinakailangan upang maging isang trabahador ng halalan.

## MGA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON NG BOTANTE

**U. S. Election Assistance Commission** Isang malawak na mapagkukunan ng impormasyon ukol sa proseso ng halalang Pederal. Ang mga mamamayan ay maaaring magparehistro upang makaboto sa pamamagitan ng pagda-download ng National Mail Voter Registration Form mula sa Web site ng EAC. Tel.: (866) 747–1471 / Web site: www.eac.gov

**Pederal na Programa para sa Pagtulong sa Pagboto:** Ang mga mapagkukunan ng impormasyon sa pagboto para sa mga naka-unipormeng miyembro ng serbisyo at mga mamamayan sa ibang bansa, kasama na ang Federal Post Card Application, isang form ng rehistrasyon ng botante para sa mga mamamayan na nakatira sa ibang bansa. Tel.: (800) 438–8683 / Web site: www.fvap.gov

**U.S. Department of Justice:** Impormasyon tungkol sa batas Pederal para sa mga karapatan sa pagboto. Upang i-ulat ang mga problema na may kaugnayan sa paggamit ng balota, kabilang na ang diskriminasyon sa botante, tumawag sa Voting Section sa (800) 253–3931. Upang iulat ang mga problema na may kaugnayan sa pandaraya sa pagboto o pananakot sa botante, maaari kang makipag-ugnay sa main switchboard ng Kagawaran sa (202) 514–2000 upang maipasa sa naaangkop na ahensyang Pederal sa pagpapatupad ng batas. Tel.: (202) 514–2000 / Web site: www.usdoj.gov

**Federal Election Commission:** Ang isang clearinghouse ng impormasyon ukol sa pananalapi sa kampanyang Pederal. Tel.: (800) 424–9530 / Web site: www.fec.gov

# TANGGAPAN NG HALALAN NG ESTADO
## Impormasyon ng Kontak
**simula sa Agosto 15, 2008*

ALABAMA
Tel.: (800) 274–8683
Web site: www.sos.state.al.us/elections/

ALASKA
Tel.: (907) 465–4611
Web site: www.elections.alaska.gov/

ARIZONA
Tel.: (602) 542–8683
Web site: www.azsos.gov/election/

ARKANSAS
Tel.: (800) 482–1127
Web site: www.sosweb.state.ar.us/elections.html

CALIFORNIA
Tel.: (800) 345–VOTE
Web site: www.sos.ca.gov/elections/

COLORADO
Tel.: (303) 894–2200
Web site: www.elections.colorado.gov

CONNECTICUT
Tel.: (860) 509–6100
Web site: www.ct.gov/sots/site/default.asp

DELAWARE
Tel.: (302) 739–4277
Web site: www.elections.delaware.gov/default.shtml

DISTRICT OF COLUMBIA
Tel.: (202) 727–2525
Web site: www.dcboee.org/

FLORIDA
Tel.: (866) 308–6739
Web site: http://election.dos.state.fl.us/

GEORGIA
Tel.: (404) 656–2871
Web site: www.sos.ga.gov/Elections/

GUAM
Tel.: (671) 477–9791
Web site: www.guamelection.org

HAWAII
Tel.: (808) 453–8683
Web site: http://hawaii.gov/elections/

IDAHO
Tel.: (208) 334–2852
Web site: http://www.idahovotes.gov/

ILLINOIS
Tel.: (217) 782–4141 (Springfield)
Tel.: (312) 269–7960 (Chicago)
Web site: www.elections.state.il.us/

INDIANA
Tel.: (317) 232–3939
Web site: www.in.gov/sos/elections/

IOWA
Tel.: (515) 281–0145
Web site: www.sos.state.ia.us/elections/index.html

KANSAS
Tel.: (800) 262–8683
Web site: www.kssos.org/elections/elections.html

KENTUCKY
Tel.: (502) 564–3490
Web site: www.elect.ky.gov/

LOUISIANA
Tel.: (800) 883–2805
Web site: www.geauxvote.com

MAINE
Tel.: (207) 624–7736
Web site: www.maine.gov/sos/cec/elec/

MARYLAND
Tel.: (800) 222–8683
Web site: www.elections.state.md.us/index.html

MASSACHUSETTS
Tel.: (800) 462–8683
Web site: www.sec.state.ma.us/ele/eleidx.htm

MICHIGAN
Tel.: (517) 373–2540
Web site: www.michigan.gov/vote

MINNESOTA
Tel.: (877) 600–8683
Web site: www.sos.state.mn.us/home/index.asp?page=4

MISSISSIPPI
Tel.: (800) 829–6786
Web site: www.sos.state.ms.us/elections/elections.asp

MISSOURI
Tel.: (800) 669–8683
Web site: www.sos.mo.gov/elections/

MONTANA
Tel.: (888) 884–8683
Web site: http://sos.mt.gov/elb/Voter_Information.asp

NEBRASKA
Tel.: (402) 471–2555
Web site: www.sos.ne.gov/elec/2008/index.html

NEVADA
Tel.: (775) 684–5705
Web site: http://sos.state.nv.us/elections/

NEW HAMPSHIRE
Tel.: (603) 271–3242
Web site: www.sos.nh.gov/electionsnew.html

NEW JERSEY
Tel.: (609)292–3760
Web site: www.njelections.org/

NEW MEXICO
Tel.: (800) 477–3632
Web site: www.sos.state.nm.us/sos–elections.html

NEW YORK
Tel.: (800) 367–8683
Web site: www.elections.state.ny.us/

NORTH CAROLINA
Tel.: (866) 522–4723
Web site: www.sboe.state.nc.us/Default.aspx?s=0

NORTH DAKOTA
Tel.: (800) 352–0867
Web site: www.nd.gov/sos/electvote/

OHIO
Tel.: (877) 767–6446
Web site: www.sos.state.oh.us/SOS/elections.aspx

OKLAHOMA
Tel.: (405) 521–2391
Web site: www.ok.gov/~elections/

OREGON
Tel.: (503) 986–1518
Web site: www.sos.state.or.us/elections/

PENNSYLVANIA
Tel.: (717) 787–5280
Web site: www.votespa.com/

PUERTO RICO
Tel.: (787) 758–3333
Web site: www.ceepur.org/

RHODE ISLAND
Tel.: (401) 222–2345
Web site: www.elections.state.ri.us/

SOUTH CAROLINA
Tel.: (803) 734–9060
Web site: www.scvotes.org/

SOUTH DAKOTA
Tel.: (605) 773–3537
Web site: www.sdsos.gov/electionsvoteregistration/electionsvoteregistration_overview.shtm

TENNESSEE
Tel.: (615) 741–7956
Web site: www.tennessee.gov/sos/election/index.htm

TEXAS
Tel.: (800) 252–8683
Web site: www.sos.state.tx.us/elections/index.shtml

UTAH
Tel.: (800) 995–8683
Web site: www.elections.utah.gov/voterinformation.html

VERMONT
Tel.: (802) 828–2464
Web site: http://vermont–elections.org/

VIRGINIA
Tel.: (800) 552–9745
Web site: www.sbe.virginia.gov/cms/

WASHINGTON
Tel.: (800) 448–4881
Web site: www.secstate.wa.gov/elections/

WEST VIRGINIA
Tel.: (304) 558–6000
Web site: www.wvsos.org/elections/main.htm

WISCONSIN
Tel.: (608) 266–8005
Web site: http://elections.state.wi.us/

WYOMING
Tel.: (307) 777–7186
Web site: http://soswy.state.wy.us/Elections/Elections.aspx



**U.S. Election Assistance Commission**
1225 New York Avenue, NW • Suite 1100 • Washington • DC 20005
866–747–1471 (toll free) • HAVAinfo@eac.gov • www.eac.gov